



Republic of the Philippines
Department of Education
Cordillera Administrative Region
Schools Division of Tabuk City



Office of the Schools Division Superintendent

Nobyembre 9, 2022

Memorandum Pansangay
Blg. 370 s. 2022

PATIMPALAK SA SABAYANG PAGBIGKAS SA ELEMENTARYA AT SEKONDARYA

PARA SA: Pandistritong Tagamasid ng mga Paaralan
Mga Punongguro sa Elementarya at Sekondarya
Mga Guro sa Elementarya at Sekondarya

1. Batay sa imbitasyon ng Regional Subcommittee for the Welfare of Children and Regional Juvenile Justice Welfare Committee and Juvenile Justice Welfare Consciousness Week ngayong Nobyembre, 2022 na may temang "Kalusugan, Kaisipan at Kapakanan ng Bawat Bata, Ating Tutukan" at "Pagbabago ay Panigurado kung Tutukan natin ang Juvenile Justice Law" sa DepEd ay hinihikayat ang mga paaralan na kinabibilangan ng mga mag-aaral na makilahok sa Sabayang Pagbigkas na gaganapin sa Nobyembre 15, 2015 sa rehiyon.
2. Nilalayan ng gawaing ito na mabigyan ng oportunidad ang mga mag-aaral na maipakita ang kanilang mga talento at kakayahan sa pagbuo ng piyesa at pagganap sa entablado. Dito nahahasa ang kanilang kasanayan sa pagsusulat at pagbabasa na magiging daan sa pagpapahalaga sa ating panitikan at wika. Ang gawaing ito sa paaralan ay maaaring idagdag na puntos ng mga mag-aaral sa kanilang gawaing pagganap o performance task dahil nagampanan ng mga ito ang kasanayang dapat na matutuhan sa kanilang mga aralin.
3. Ang mga kalahok sa patimpalak na ito ay kinabibilangan ng mga mag-aaral sa elementarya at Sekondarya (JHS/SHS). Sumangguni sa DepEd Advisory 202 s. 2022 para sa mga pamantayan at ibang detalye kaugnay nito. Ang takdang pagpasa nito sa ating Dibisyong Tabuk City ay sa Nobyembre 11, 2022.
4. Isang malawak at agarang pagpapakalat sa memorandum na ito ay ninanais.

for
IRENE S. ANGWAY PhD, CESO VI
School Division Superintendent



Address: BCS Compound, Purok 2 Bulanao Norte, Tabuk City
Email: tabuk.city@dep-ed.gov.ph
Website: <http://www.depedtabukcity.com>
SDO Tabuk City L & D Databank System Link: <https://tinyurl.com/SDOTabukCityLNDaBaSy>